


Isang bitag ng pagkakamali ay humahantong sa isang sakuna Enero 2024




Larawan 1: Mga Balbula na Tumataas ang Tangkay

Isang terminal ng pangatong ay naglalabas ng sobrang daming gasolina mula sa isang barko patungo sa ilang mga tangkeng imbakan. Hindi tama ang pagtatantya ng superbisitor sa oras upang punuin ang isang tangke, at umapaw ito sa pilapil pangtigil (dike). Sa kasamaang-palad, ang balbula upang paagusan ang tubig-ulan mula sa pilapil ay naiwang bukas at ang gasolina ay dumaloy palabas sa lawang pag-papanatili malapit sa lugar ng pagtrato ng tirang tubig (WWT). Ang mga bomba sa lugar ng WWT ay hindi inuri para sa madaling nasusunog na singaw. Ang mga singaw ay nag-apoy, at ang apoy ay kumalat pabalik sa uma-apaw na tangke. Ang ilang mga pagsabog at isang sunog sa buong pasilidad ay nagkaroon ng malaking epekto sa planta, komunidad at mga sensitibong lugar sa kapaligiran sa paligid ng terminal.

Paano ito nangyari?

Ang bakuran ng mga tangke ay gumamit ng parehong tumataas na tangkay (Larawan 1) at nakapirming tangkay na mga balbula (Larawan 2.) sa mga paagusan ng pilapil na humahantong sa lawang pagpapanatili ng tubig ulan sa lugar ng WWT. Ang mga tumataas na tangkay ng balbula ay nagbigay-daan sa mga operaytor na madaling makita ang posisyon ng balbula sa pamamagitan ng pagmamasid sa tangkay sa itaas ng gulong ng balbula (**pulang** palaso). Ang mga nakapirming tangkay ng balbula ay hindi nagbibigay ng kitang indikasyon ng posisyon (**asul** na palaso): Ang tangkay ay **hindi tumataas** sa itaas ng gulong ng balbula kapag ang tarangkahan ay nakataas. Mahirap para sa mga operaytor na malaman ang aktwal na posisyon ng nakapirming tangkay ng balbula sa paagusan ng pilapil para sa tangke nang hindi ito pisikal na pinihit.

Ang mahinang ilaw sa lugar ay naging mahirap para sa mga operaytor na makita ang mga posisyon ng balbula. *Para sa higit pang mga detalye, tingnan ang CSB Report NO. 2010.02.I.PR*



Larawan 2: Mga Balbula na Naka-Pirmi ang Tangkay

Alam Mo Ba?

- Mayroong dalawang mga estilo ng mga balbula ng pangbukas na magkamukha. (Mga Larawan 1 at 2).
- Ang pagkakaroon ng dalawang magka-ibang istilong balbula sa parehong serbisyo ay maaaring lumikha ng isang 'bitag ng pagkakamali', isang sitwasyon kung saan ang isang pagkakamali ay mas malamang mangyari.
- Ang mga pamamaraan sa pagpapatakbo ay nagbibigay ng pagtuturo sa ligtas na operasyon ng isang proseso. Kung saan ang mga posisyon ng balbula ay maaaring nakakalito, ang mga larawan ay nakakatulong na ipaliwanag ang tamang posisyon ng balbula.
- Ang mahinang pag-iilaw sa mga malalayong lugar ay maaaring maging sanhi ng maliliit na pagkakaiba sa kagamitan na mahirap makita na naging dahilan sa kaganapang ito.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Kung napansin mo ang mga kagamitan na mukhang magkatulad ngunit iba ang pagpapatakbo, iulat sa iyong superbisitor. Maaaring may ilang paraan para alisin ang bitag ng pagkakamali:
 - Magdagdag ng mga larawan upang mapabuti ang mga pamamaraan sa pagpapatakbo sa pamamagitan ng pagpapakita ng tamang posisyon o pagkakanay para sa mga balbula o iba pang kagamitan.
 - Palitan ang ilang mga balbula upang gumana ang lahat sa parehong paraan at gumawa ng mga naturang pagbabago gamit ang Pamamahala ng Pagbabago (MOC).
- Kung saan ang mahinang pag-iilaw ay nagpapahirap sa mga operasyon, irekomenda ang pagpapabuti ng ilaw sa lugar upang mabawasan ang mga pagkakamali at mapabuti ang pangkalahatang kaligtasan. (Muli, sundan ang MOC)
- Isinasaalang-alang ng ilang kumpanya ang mga bitag ng pagkakamali na malapit nang makaligtas at gustong iulat ang mga ito gamit ang muntikang-mintis o iba pang anyo ng pag-uulat.
- Tingnan din ang June 2006 na Beacon para sa isa pang insidente ng pagkakamali sa balbula.

Huwag mahuli sa isang bitag ng pagkakamali!